

## **Ano Ang Americans with Disabilities Act (ADA)?**

Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ay isang batas na nagpoprotekta sa isang tao mula sa hindi patas na pagtrato dahil sa sila ay may kapansanan. Ito ay nangangahulugan na pinoprotektahan ng ADA ang mga taong may kapansanan mula sa diskriminasyon. Sa ilalim ng ADA, ang mga taong may mga kapansanan ay may parehong mga karapatan at pagkakataon sa trabaho tulad ng lahat, sa tuwing sila ay gumagamit ng mga serbisyo ng estado at lokal na pamahalaan at sa tuwing sila ay bibili ng mga bagay at serbisyo mula sa mga lugar na bukas para sa lahat. Inihayag ng information sheet na ito kung sino ang protektado ng ADA at ang 5 bahagi ng ADA na tinatawag na mga pamagat.

### **Sino ang Protektado ng ADA?**

Isinasaad ng ADA na ikaw ay may kapansanan kung ang paggana ng iyong katawan o utak ay naiiba sa karamihan ng mga tao. Kaya, mas mahirap o imposible para sa iyo na gawin ang mga bagay tulad ng makarinig, makakita, magsalita, mag-isip, maglakad, o huminga. Minsan makikita mo ang kapansanan ng isang tao. Maaari silang gumamit ng wheelchair o gumamit ng puting tungkod kapag sila ay naglalakad. Ngunit ang isang tao ay maaari ring magkaroon ng kapansanang hindi mo makikita. Maaaring mayroon silang autism, diabetes, cancer, mga problema sa pagkatuto, o maaaring sila ay bingi o mahina ang pandinig.

Pinoprotektahan din ng ADA ang mga tao mula sa diskriminasyon dahil sila ay:

- Dating may kapansanan (kahit wala na ngayon),
- Hindi kailanman nagkaroon ng kapansanan, ngunit iniisip ng ibang tao na mayroon sila, o
- Malapit sa isang taong may kapansanan tulad ng kanilang anak, magulang, o asawa.

### **Anong Mga Karapatan ang Ibinibigay ng Pamagat I ng ADA sa Isang Taong May Kapansanan?**

Pinoprotektahan ng Pamagat I ng ADA ang mga taong may kapansanan mula sa hindi patas na pagtrato dahil mayroon silang kapansanan kapag sila ay nag-aaplay ng trabaho at kapag nasa trabaho. Titiyakin ng ADA na ang mga taong may kapansanan ay tinatrato tulad ng mga taong walang kapansanan sa trabaho para sa pagtanggap, pagtanggap, pagsasanay, suweldo, mga promosyon, benepisyo, at bakasyon. Sa ilalim ng ADA, ang ibig sabihin ng bakasyon ay ang pagpapahinga sa trabaho kapag lumala ang kanilang kapansanan o kung sila ay magkakasakit.

Kung ang isang tao ay nangangailangan ng tulong upang makapag-aplay sa isang trabaho, o upang magawa ang bahagi ng kanilang trabaho dahil sa kanilang kapansanan, isinasaad ng ADA na maaaring humingi ang taong may kapansanan ng isang makatuwirang akomodasyon mula sa kanyang taga-empleyo. Ang isang makatuwirang akomodasyon ay isang pagbabago sa kung paano ginagawa ng isang tao ang isang trabaho, sa lugar kung saan nagtatrabaho ang isang tao, o sa karaniwang pamamaraan na ginagawa ang trabaho. Pagkatapos nilang humingi sa taga-empleyo ng makatuwirang akomodasyon, maaaring pag-usapan ng taga-empleyo at ng taong may kapansanan kung anong akomodasyon ang makakatulong sa kanya para mag-aplay ng trabaho o gawin ang trabaho.

### **Anong Mga Karapatan ang Ibinibigay ng Pamagat II ng ADA sa Isang Taong May Kapansanan?**

Pinoprotektahan ng Pamagat II ng ADA ang mga taong may mga kapansanan kapag gumagamit sila ng mga serbisyong pinapatakbo ng estado at lokal na pamahalaan. Kasama sa mga serbisyong ito ang mga serbisyong tulad ng pampublikong transportasyon (halimbawa ay mga bus, tren, at subway), mga silid-aklatan, pampublikong paaralan, pampublikong dalampasigan, pampublikong parke, mga serbisyong tumutulong sa mga taong may mababang kita, mga bahay-hukuman ng lalawigan, mga bilangguan ng estado, at mga website

ng estado at lokal na pamahalaan. Ang isang taong may kapansanan ay dapat makapasok sa anumang lugar at gumamit ng anumang serbisyong pinapatakbo ng estado at lokal na pamahalaan.

Kadalasan, ang isang estado o lokal na pamahalaan ay dapat magbigay ng tulong sa isang taong may kapansanan upang madali nilang magamit ang mga serbisyo ng estado at lokal na pamahalaan. Ito ay tinatawag na makatuwirang pagbabago. Ang isang makatuwirang pagbabago ay mga bagay tulad ng pagpapahintulot sa isang taong may diabetes na kumain sa silid-aklatan kahit na ito ay pinagbabawalan o magdala ng isang service animal kahit na pinagbabawalan ang pagdala ng alagang hayop. Dapat ding bigyan ng estado at lokal na pamahalaan ang mga taong bingi o bulag ng mga paraan para makipag-usap. Ito ay tinatawag na epektibong komunikasyon. Ang mga halimbawa ng epektibong komunikasyon ay maaaring mga bagay tulad ng pagkakaroon ng teknolohiya sa isang silid-aklatan upang makabasa ng libro ang isang taong hindi nakakakita. Maaari rin ang pagkakaroon ng tagasalin ng sign language sa korte o sa isang pagpupulong ng gobyerno upang maibahagi ng isang taong bingi ang kanilang iniisip at malaman kung ano ang nangyayari.

### **Anong Mga Karapatan ang Ibinibigay ng Pamagat III ng ADA sa Isang Taong May Kapansanan?**

Pinoprotektahan ng Pamagat III ng ADA ang mga taong may mga kapansanan kapag gusto nilang bumili ng mga bagay, pumasok, o gamitin ang mga serbisyo ng isang negosyo na bukas para sa lahat. Pinoprotektahan din nito ang mga taong may kapansanan kapag gusto nilang pumasok o gamitin ang mga serbisyo ng isang pribadong organisasyon na hindi pinapatakbo ng gobyerno at bukas para sa lahat. Kasama sa mga lugar na ito ang mga tindahan, hotel, restaurant, opisina ng doktor, ospital, pribadong paaralan, day care center, gym, sports stadium, at mga sinehan. Isinasaad ng ADA na ang mga taong may kapansanan ay dapat na magawa ang parehong mga bagay at mapuntahan ang parehong mga lugar tulad ng ibang tao.

Sa ilalim ng Pamagat III ng ADA, ang mga lugar na ito ay kadalasang kailangang gumawa ng mga pagbabago sa paraang karaniwan nilang ginagawa kung ang isang taong may kapansanan ay nahihirapang bumili ng mga bagay mula sa kanila o gamitin ang kanilang mga serbisyo. Dapat silang magkaloob ng mga makatuwirang pagbabago at epektibong komunikasyon tulad ng ginagawa ng estado at lokal na pamahalaan sa ilalim ng Pamagat II ng ADA. Halimbawa, ang isang tindahan ay dapat magkaroon ng malawak na silid upang makalibot ang isang taong gumagamit ng wheelchair at dapat tulungan ang isang tao kung hindi niya maaabot ang isang bagay. Ang isang teatro o stadium ay dapat may espesyal na upuan na madaling mapuntahan ng mga taong nahihirapang maglakad dahil sa isang kapansanan. Ang mga opisina ng doktor o ospital ay dapat magtalaga ng isang tagasalin ng sign language para sa isang taong bingi na kailangang malaman at magtanong tungkol sa kung paano nila mapangalagaan ang kanilang sarili.

### **Anong Mga Karapatan ang Ibinibigay ng Pamagat IV ng ADA sa Isang Taong May Kapansanan?**

Isinasaad ng Pamagat IV ng ADA na ang mga kumpanya ng telepono at internet ay dapat may mga serbisyo na tumutulong sa mga taong nahihirapang makarinig o makipag-usap upang makatawag sa telepono. Ang mga taong may ganitong mga kapansanan ay maaaring humingi ng mga espesyal na telepono at serbisyo upang makipag-usap sila sa telepono sa pamamagitan ng pag-type o paggamit ng video call.

### **Anong Mga Karapatan ang Ibinibigay ng Pamagat V ng ADA sa Isang Taong May Kapansanan?**

Pinoprotektahan ng Pamagat V ng ADA ang mga taong may mga kapansanan kung may mga taong sumusubok na abalihin, pilitin, o takutin sila dahil hinihingi nila ang kanilang mga karapatan sa ADA. Hindi maaaring tanggalin o parusahan ng isang taga-empleyo ang isang tao para sa paghingi nila sa kanilang mga karapatan sa ADA.

### **Sino ang Maari Kong Tanungin Kung Mayroon Akong Mga Katanungan o Kung Gusto Kong Malaman ang Higit pang Impormasyon Tungkol sa ADA?**

Ang Pacific ADA Center ang sumasagot sa mga katanungan at ang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ADA. Tumawag sa 800-949-4232 o magpadala ng email sa [adatech@adapacific.org](mailto:adatech@adapacific.org). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Pacific ADA Center sa <https://www.adapacific.org>.